Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A
SCHOOLS DIVISION OF QUEZON PROVINCE

21 Mayo 2021

**MEMORANDUM PANDIBISYON**
**Blg. 328 s. 2021**

**WEBINAR NG ORTOGRAPIYANG PAMBANSA, MASINOP NA PAGSULAT AT KORESPONDENSIYA OPISYAL PARA SA MGA MANUNULAT AT EDITOR SA FILIPINO**

**PARA SA:** Kawaksing Tagapamanihala
Tagamasid Pampurok
Punongguro / Ulongguro
Nanunumparang Pinuno ng Paaralan, Elementarya at Sekondarya

1. Bilang pagsuporta sa Proyektong SHINE (Strengthening Holistic Interventions to Nurture Teachers Empowerment) at Proyektong SPARK (Systematic Platform for Academic Resource Kiosk) ng SDO Quezon CID-IMS at LR, ang GATFILZON (Guro at Tagapagtaguyod ng Filipino sa Quezon) sa pakikipag-ugnayan sa KWF( Komisyon sa Wikang Filipino) ay magsasagawa ng Webinar ng Ortograpiyang Pambansa, Masinop na Pagsulat at Korespondensiya Opisyal para sa mga Manunulat at Editor sa Filipino sa ika- 23 hanggang 25 ng Hunyo, 2021.

2. Pangunahing layunin ng webinar na ito na mabigyan ng pagsasanay ang mga manunulat at editor sa Filipino na gumaganap na manunulat at editor ng mga modyul at iba pang kagamitan sa pagtuturo para sa pampubliko at pribadong paaralan. Ang iba pang layunin ay ang sumusunod:
   a. Mabigyan ng kaalaman ang mga manunulat at editor sa Filipino hinggil sa mga tutuntuning pangwika partikular ang Ortograpiyang Pambansa para sa estandardisasyon ng pagbabaybay at ang Alpabetong Filipino;
   b. Matalakay ang kahalagahan ng masinop na pagsulat sa Filipino na maaring maging gabay sa pag-eedit tungo sa intelektuwalisasyon ng wika;
   c. Mabigyang oryentasyon sa mga pagbabago sa Korespondensiya Opisyal ang mga manunulat at editor sa Filipino; at



*"Creating Possibilities, Inspiring Innovations"*
**Address:** Sitio Fori, Brgy. Talipan, Pagbilao, Quezon
**Trunkline #:** (042) 784-0366, (042) 784-0164, (042) 784-0391, (042) 784-0321
**Email Address:** quezon@deped.gov.ph
**Website:** www.depedquezon.com.ph

JAS-ANZ
Registration Number: QAC/R63/0216

d. Mapalakas ang ugnayan at network ng mga manunulat at editor sa Filipino tungo sa maayos at nagkakaisang pagtugon sa mga isyu at suliraning pangwika at pagpapaunlad ng Filipino.

3. Inaasahan ang pagdalo sa webinar na ito ng lahat ng mga intresadong manunulat at editor sa Filipino mula sa buong Sangay ng Quezon. Sapagkat 500 kalahok lamang ang puwede sa Zoom Platform, kaya napagplanuhan ng organiser ng palihan na hatiin ang mga kalahok sa apat na grupo, 125 sa bawat distrito (1st hanggang 4th Congressional Districts). Depende sa mauuna at maagap na magrehistro ang puwedeng pumasok sa Zoom. Maari ring makilahok ang iba pang intresado gamit ang FB Live Platform na iaanunsyo ang link sa araw ng palihan. Ang mga lalahok na hindi makakasama sa rehistrasyon sa Zoom ay inaasahang magsasagawa ng mga kailangan at magpakita ng kanilang mga patunay sa pagdalo para makatanggap ng sertipiko. Para sa iba pang impormasyon at katanungan, maaring makipag-ugnayan kina EPS Joseph E. Jarasa sa CP No. 09431282107 at Pangulo ng GATFILZON Elizabeth R. Zeta sa CP No. 09183484979.

4. Ito po ang link ng rehistrasyon: https://tinyurl.com/OPMPKOMEFil. Inaasahan po na makapagparehistro kayo simula Hunyo 1 hanggang 11, 2021.

Ang sumusunod naman ang mga link na gagamitin sa loob ng tatlong araw:

| DAY | LINK |
|---|---|
| Hunyo 23, 2021 - 7:30 n.u.- 12:00 n.t | **tinyurl.com/2021Webinar-OT-MP-KO-DAY-1**<br>Meeting ID: 948 7816 0384<br>Passcode :12345 |
| Hunyo 24, 2021 - 7:30 n.u.- 12:00 n.t. | **tinyurl.com/2021Webinar-OT-MP-KO-DAY-2**<br>Meeting ID: 931 9510 8979<br>Passcode :12345 |
| Hunyo 25, 2021 - 7:30 n.u.- 12:00 n.t. | **tinyurl.com/2021Webinar-OT-MP-KO-DAY-3**<br>Meeting ID: 998 1249 1526<br>Passcode :12345 |



*"Creating Possibilities, Inspiring Innovations"*
**Address:** Sitio Fori, Brgy. Talipan, Pagbilao, Quezon
**Trunkline #:** (042) 784-0366, (042) 784-0164, (042) 784-0391, (042) 784-0321
**Email Address:** quezon@deped.gov.ph
**Website:** www.depedquezon.com.ph

JAS-ANZ
Registration Number: QAC/R63/0216

5. Saan mang lugar mananatili, ipinapaala-ala sa lahat ng mga lalahok ang pag-oobserba ng mga batas na pinaiiral ng IATF. Palagiang magsuot ng "face mask at face shield, mag-social distancing at maglinis ng kamay.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ELIAS A. ALICAYA JR. EdD**
Kawaksing Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Nanunumparang Pinuno

DEPED - QUEZON
ICT UNIT
UPLOADED
Date/Time: 05/26/21 4:20 pm
By: WU
Ref. no. OM 328, s 2021

*cid-ims/jej/05/21/2021*
DEPEDQUEZON-CID-IMS-04-018-001